



## *Buong Teksto*

### **ANG PAGLALAKBAY NI JUAN**

Ang kwento natin ngayon ay pinamagatang “Ang mga Paglalakbay ni Juan” mula sa *Philippine Folk Tales* ni Mabel Cook Cole, na isinalin ni Melvin Apo. Ito ay isang kwentong Tagalog.

Malapit sa disgrasya si Juan. Tamad na bata siya at hindi maingat. Tuwing may gagawin siya, lagi siyang napapahamak kaya mas mabuting hindi na lang niya ito gawin.

Dahil dito, nawalan ng pasensya sa kanya ang kanyang pamilya. Madalas siyang napagalitan at napapalo tuwing may nagagawa siyang mali. Isang araw, binigyan siya ng isang itak ng kanyang nanay at pinapunta siya nito sa kagubatan para kumuha ng mga kahoy na panggatong. Naglakad papalayo ng bahay si Juan nang galak na galak, dahil para sa kanya, isa itong paraan ng pagtakas. Sa wakas, nakakita siya ng isang punong tila madaling putulin. Inilabas niya ang kanyang itak at naghandang magtrabaho.

Ang punong ito pala ay isang mahiwagang puno. Nagsalita ito at kinausap si Juan:

“Kung hindi mo ako puputulin, bibigyan kita ng kambing na may mga balbas na naglalabas ng pera tuwing nagagalaw ang mga ito.”

Natuwa’t namangha rito si Juan, una dahil gusto niyang makita ang kambing at ikalawa’y dahil ayaw niyang pumutol ng kahoy. Sumang-ayon siya sa gusto ng puno at biglang may lumabas na kambing mula sa katawang kahoy nito. Inutusan ni Juan ang kambing na galawin ang kanyang balbas at nang magsimulang maglaglagan ang pera mula rito, tuwang-tuwa niyang inuwi ang kambing upang ipakita ang kanyang natuklasang yaman sa kanyang nanay.

Habang pauwi si Juan ay nakasalubong niya ang isang kaibigang mas tuso sa kanya, at nang marinig nito ang tungkol sa kanyang kambing ay nagdesisyong nakawin ito sa kanya. Dahil alam nitong mahilig si Juan sa tuba, inaya niya itong mag-inuman at

habang lasing si Juan, pinalitan niya ang mahiwagang kambing nito ng isang karaniwang kambing. Nang mawala ang pagkalasing ni Juan, nagmadali siyang umuwi sa kanyang bahay at ibinalita sa mga kapamilya ang tungkol sa mahiwang puno ngunit nang utusan na niya ang kambing na galawin ang mga balbas nito, walang perang nalaglag mula rito. Inakala ng pamilya ni Juan na isa lang ito sa mga kalokohan niya kaya pinalo at pinagalitan ulit ang kawawang bata.

Bumalik si Juan sa puno at tinakot na puputulin ito dahil sa ginawa nitong pagsisinungaling sa kanya ngunit ito ang sinabi ng puno:

“Huwag mo akong putulin. Bibigyan kita ng lambat na siguradong magbibigay sa iyo ng huling isda kahit gamitin mo ito sa lupa o sa itaas ng puno.”

At hindi nga pinutol ni Juan ang puno at umuwi siyang dala-dala ang mahiwagang lambat. Ngunit nakasalubong niyang muli ang parehong kaibigan at muli siyang inaya nitong uminom ng tuba. Habang lasing si Juan, pinalitan ng kaibigan niya ng karaniwang lambat ang mahiwagang lambat nito kaya nang marating ni Juan ang kanyang bahay at sinubukan niyang ipakita ang kapangyarihan ng lambat sa kanyang pamilya, pinagtawanan na naman siya ng mga ito.

Muli, pinuntahan ni Juan ang mahiwagang puno at ngayon, desido na talaga siyang putulin ito. Ngunit ang alok nito sa kanyang mahiwagang kalderong laging puno ng bigas at kutsarang laging may lamang ulam na nais niya ang nagpabago ng kanyang isip. Umuwi ulit siyang masayang-masaya. Bago marating ang bahay, muling nangyari ang insidente kasama ang kanyang kaibigan at dahil dito, muli na naman siyang pinalo ng kanyang mga magulang na sawang-sawa na sa kanyang mga kalokohan.

Galit na galit na pinuntahan ni Juan ang mahiwagang puno sa ikaapat na pagkakataon. Malapit na niya itong putulin nang muli siya nitong alukin ng mahiwagang bagay. Pagkatapos ng ilang pag-uusap, tinanggap niya ang isang mahiwagang kahoy na kailangan lang niyang sabihan ng, ‘Boombye, Boomba,’ at bubugbugin at papatayin na nito nang kusa ang sinumang naisin niya.

Nang muli niyang makasalubong ang parehong kaibigan, tinanong siya nito kung ano ang dala-dala niya at tumugon sa kanya si Juan:

“Ah, kahoy lang ito ngunit kapag sinabihan ko ito ng ‘Boombye, Boomba’ bubugbugin kanito hanggang kamatayan.”

Nang banggitin ni Juan ang mahiwagang salita, tumalon ang kahoy mula sa kanyang mga kamay at sinimulang bugbugin ang kanyang kaibigan hanggang sa umiyak ito:

“Patigilin mo ito Juan at ipinapangako kong ibabalik ko lahat ng ninakaw ko sa ‘yo.” Pinatigil ni Juan ang kahoy at inutusan niya ang kaibigang akayin ang mahiwagang kambing at dalhin ang mahiwagang lambat at mahiwagang kaldero’t kutsara sa kanyang tahanan.

Muling inutusan ni Juan ang mahiwagang kambing na galawin ang kanyang balbas nang marating nila ang kaniyang bahay. Naglabas ito ng maraming pera hanggang sa hindi na ito kayaning buhatin ng kanyang nanay at mga kapatid. Pagkatapos kumain sila mula sa mahiwagang kaldero at kutsara hanggang sa mabusog sila. Hindi nila pinagalitan si Juan. Pagkatapos nilang kumain, sinabi ni Juan sa kanila:

“Lagi ninyo na lang akong pinagagalitan buong buhay ko at ngayon tuwang-tuwa kayong tanggapin lahat ng magagandang bagay na dala ko. May ipakikita pa ako sa inyong iba: ‘Boombye, Boomba’.” Biglang tumalon ang kahoy mula sa kanyang pagkakahawak at binugbog nito lahat ng kamag-anak ni Juan hanggang sa humingi sila ng awa at mangakong ituturing si Juan na pinuno ng kanilang tahanan.

Mula noon, naging mayaman at makapangyarihan si Juan, at lagi niyang dala-dala ang kanyang mahiwagang kahoy. Isang gabi, pinasok ng mga magnanakaw ang kanilang bahay, at mananakawan na sana sila at mapapatay kundi niya nasabi ang mahiwagang mga salitang “Boombye, Boomba’ na naging daan sa pagkamatay ng lahat ng magnanakaw.

Pagkatapos ng insidenteng ito, pinakasalan ni Juan ang isang magandang prinsesa at dahil sa kabaitan ng mahiwagang puno, namuhay at nagsama silang laging masaya.

\*\*\*

*Source: Mabel Cole Cook, Philippine Folktales. Chicago: AC McClurg & Co., 1916. Available from Project Gutenberg*

## Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

### *In English*

The Monkey and the Turtle  
Sun and Moon  
Sagacious Marcela  
The Story of our Fingers  
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck  
The Lost Necklace

### *In Filipino*

Ang Pagong at ang Matsing  
Ang mga Paglalakbay ni Juan  
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)  
Ang Unang Unggoy  
Ang Alamat ng Palay  
Ang Pinagmulan ng Lamok  
Kung Paano Yumaman si Jackyo

*Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.*

## **PAGKILALA**

### **Areté**

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	<i>Executive Producers</i>
D Cortezano	<i>Producer</i>
John Robert Yam	<i>Overall Sound Designer</i>
Harold André Santos	<i>Theme Music Composer</i>
John Robert Yam	<i>Episode Sound Designer</i>
John Robert Yam Nilo Beriarmente	<i>Sound Engineers</i>
Ivy Baggao	<i>Talent Coordinator and Production Associate</i>
Adriane Ungriano Justine Ray Santos Duane Ligot Rey Sotto Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	<i>Sound Design and Technical Team</i>
Arielle Acosta Vannessa Reventar	<i>Logistical Support</i>

Ross Du *Illustrator*

Arielle Acosta  
Lazir Caluya *Brand Developers*

Dreamlist Digital *Web developers*

### **Ateneo de Manila Basic Education / Ateneo Junior High School**

Jose Antonio P. Salvador *Principal*

Genalyn S. Sanvictores *Assistant Principal for Academic Affairs*

Paolo Ven B. Paculan *Senior Teacher, Subject Area Coordinator,  
Filipino*

Krinstine Ann P. Valdellon *Master Teacher, Subject Area Coordinator,  
English*

Jesus Joseph D. Ignacio *Regular Teacher, Filipino Subject*

Melvin A. Apo *Assistant Teacher, Filipino Subject*